



Mga Time Limit ng CalFresh para sa ABAWD

Simula Hunyo 1, 2026, sisimulan na ng California Department of Social Services na ipatupad ang mga time limit para sa mga CalFresh recipient na Nasa Hustong Gulang na Kayang Makapagtrabaho at Walang Dependent (Able-Bodied Adult Without Dependents, ABAWD). Ipapaliwanag ng mga sumusunod ang mga bagong panuntunan at kung paano ninyo mapapanatili ang inyong mga esensiyal na benepisyo sa pagkain.

Sino ang maituturing na ABAWD?

Maituturing na isa kayong ABAWD kung kayo ay **18 hanggang 64** na taong gulang, may kakayahang magtrabaho, at hindi kuwalipikado para sa eksempsiyon sa time limit ng ABAWD.

Ano ang time limit ng ABAWD?

Puwede lang makatanggap ang mga ABAWD ng CalFresh **sa loob ng 3 buong buwan lamang sa loob ng 36 buwan**, maliban kung matutugunan nila ang mga pangangailangan sa trabaho o magiging kuwalipikado sila para sa eksempsiyon.

Paano mapapanatili ang inyong mga benepisyo?

Para patuloy na **makatanggap** ng CalFresh pagkalipas ng 3 buwan, kailangan ninyong matugunan ang **mga kinakailangan sa trabaho** o maging kuwalipikado sa eksempsiyon.

Ano ang dapat kong gawin ngayon?

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa limitasyon sa oras ng ABAWD o para **masagutan ang form para sa pagsusuri ng eksempsiyon sa ABAWD**, gamitin ang **QR code** para bisitahin ang webpage ng ABAWD. Puwede rin ninyong bisitahin ang **socialservices.alamedacounty.gov**.

Para sa karagdagang impormasyon:



O tawagan kami sa:
510-263-2420



**Alameda County
Social Services Agency**
A safety net. A way forward.

Mga kinakailangan sa trabaho:

Dapat ninyong gawin ang isa o higit pa sa mga sumusunod:

- Magtrabaho nang hindi bababa sa **20 oras kada linggo** (o 80 oras kada buwan)
- **Pagsamahin ang mga oras** mula sa trabaho at mga inaprubahang aktibidad para makumpleto ang hinihinging 20 oras kada linggo (o 80 oras kada buwan)
- Kumita ng hindi bababa sa **\$217.50 kada linggo**
- **Makiisa sa mga inaprubahang aktibidad** gaya ng CalFresh Employment at Training, mga programa ng WIOA, mga proyekto ng pagsisilbi sa komunidad, o boluntaryo gawain

Mga eksempsiyon:

Posible kayong ma-exempt kung kayo ay:

- Isang estudyante
- Buntis
- Hindi makapagtrabaho dahil sa kondisyon sa katawan o isip
- Exempted sa mga panuntunan ng CalFresh sa pagtatrabaho
- Namumuhay nang may batang may edad na baba sa 14 gulang
- Nasa ilalim ng programang Office of Refugee Resettlement (ORR)
- Isang Indian, Urban Indian, o California Indian